# Pagkain sa paaralan

## Tungkol sa inilathalang (Pagkain sa Paaralan)

Ang programa ng pagkain sa paaralan, ay hindi lamang pagbibigay ng masustansiyang pagkain sa mag-aaral para magkaroon ng malusog na pag iisip at pangangatawan, kundi para magkaroon ang mga bata ng tamang kaalaman tungkol sa pagkain

Nilikha ang babasahin para sagutin ang mga katanungan ng magulang at para palalimin ang kaalaman tungkol sa pagkain sa paaralan.

Ikatutuwa namin kung magagamit ninyo ang gabay na ito kasama ang mga mag aral, para maintindihang maigi ang tungkol sa pagkain sa paaralan.

【Paalala】 Malawakang pagbawas sa bayarin ng magulang sa pagkain sa paaralan

Para mabawasan ang bayarin ng pamilya sa bayarin sa pagkain ng may anak sa paaralan, at sa kasalukuyang pagtaas ng presyo ng bilihin, nagdesisyon ang Kawaguchi City sa malawakang pagbawas sa bayarin ng magulang sa pagkain sa paaralan para sa Reiwa Taon 2025 Sa pagkain sa paaralan sa pangunahing pagkain tulad ng kanin, tinapay at iba (¥67 kada pagkain sa elementary school ¥92 kada pagkain sa junior high school) ay papasanin ng Kawaguchi City!

Reiwa Taon 2025 Bayad sa Pagkain sa paaralan (Buwanan) ay nakasaad sa ibaba.

【Elementary School】 1 Buwan ¥3,845 (1 taon ¥12,067 mababawas na bayarin)

【Junior High School】 1 Buwan ¥4,336 (1 taon ¥16,566 mababawas na bayarin)

Q.May kasama bang ibang bayarin maliban sa pagkain sa paaralan?

A.Ang pagkain sa paarlan ay naaayon sa itinalagang batas sa pagkain ng paaralan, ayon dito, lahat ng gastusin ng pasilidad, gamit, tauhan na may kinalaman sa pagsasagawa ng pagkain sa paaralan ay bayarin ng siyudad, at ang ibang gastusin ay bayarin ng magulang.

Ang babayaran lamang ng magulang ay mga sangkap, na sinisingil bilang pagkain sa paaralan. ( ayon sa Act No. 11 batas sa pagkain sa paaralan)

Q.Magkano ang bayad sa pagkain sa paaralan ?

Ａ. Sa Kawaguchi city, ang bayad sa pagkain sa paaralan ay ¥302 sa elementary school, ¥357 sa junior high school.

Sa Kawaguchi City, nakasaad sa itaas ang halaga ng bayad para sa pagkain sa paaralan. Dahil sa epekto sa pamilya ng pagtaas ng presyo ng bilihin, nagpatupad ng panukala upang mabawasan ang bayarin ng magulang.

Kasalukuyan Reiwa Taon 2025 ang bayarin ng magulang ay ¥235 sa elementary school, ¥265 sa junior high school, diperensyang halaga sa itinalagang bayad sa pagkain sa paaralan ng Kawaguchi City (¥67 sa elementary school, ¥92 sa junior high school) ang bayarin ng siyudad.

Elementary school

Pagkain sa paaralan ¥302 (¥235 bayarin ng magulang, ¥67 bayarin ng siyudad (katumbas ng gastos sa pangunahing pagkain)

Junior High School

Pagkain sa paaralan ¥357 (¥265 bayarin ng magulang, ¥92 bayarin ng siyudad

(katumbas ng gastos sa pangunahing pagkain)

Q. Bakit tumaas ang presyo ng pagkain sa paaralan?

A. Sa Kawaguchi City, nanatili ang halaga ng pagkain sa paaralan simula ng itinaas ng 8% ang consumer tax taon 2014.

Nanatiling hindi itinaas ang singil sa bayad ng pagkain sa paaralan habang patuloy ang paunti-unting pagtaas ng presyo ng bilihin na ginagamit sa pagluluto ng pagkain ng paaralan. Dumagdag pa ang paglaganap ng Covid19 at digmaan sa mundo, na siyang naging dahilan ng mabilis na pagtaas ng presyo ng bilihin.

Sa Kawaguchi City, mula Reiwa Taon 2022 Oktubre hanggang Reiwa Taon 2023 Marso, ginamit ang pera ng gobyerno para makatulong sa pagtaas ng mga bilihin, sa pagtaas ng bilihin, ang dai at presyo ng pagkain sa paaralan ay hindi nagbago, para maisagawa ang maayos ang pagkain ng paaralan, Reiwa Taon 2025 Abril, Reiwa Taon 2026 Abril binago ang halaga bayad sa pagkain sa paaralan.

Halaga ng pagkain sa paaralan kada pagkain

| | Heisei Taon 2010 | Heise Taon 2014 | Reiwa Taon 2023 | Reiwa Taon 2024 | Reiwa Taon 2025 |
|---|---|---|---|---|---|
| Elementary school | ¥232 | ¥238 | ¥273 | ¥302 | ¥302 |
| Junior high school | ¥272 | ¥279 | ¥324 | ¥357 | ¥357 |

Q. Paano itinatakda ang bayad sa pagkain sa paaralan?

A. Ang presyo ng pagkain sa paaralan ay itinatalaga ng Kawaguchi City Board of Educationayon matapos ang talakayan sa School Management Council na siyang namumuno sa pagsisiyasat ng mahahalagang bagay tungkol sa pagkain sa paaralan.

Ang konseho ay binubuo ng mga dalubhasa (medikal/pampublikong kalusugan, edikasyon at iba pa.) prinsipal ng elementary school at junior high schools, miyembro ng PTA ng elementary schools at junior high schools para talakayin ang ibat-ibang bagay mula sa menus, pagsusuri ng kusina, suriin ang presyo ng pagkain at pagpapatupad ng budget at ipa pa.

Hindi lamang opinyon mula sa paaralan, ang opinyon ng mga magulang ay malaking bagay at isinasaalang-alang din sa paggawa ng desisyon sa pagbabago ng presyo ng pagkain sa paaralan.

Q. Nais naming pasanin ng siyudad ang bayarin sa pagkain sa paaralan?

A. Isaalang-alang ang gastos kada pagkain (¥302 sa elementary school, ¥357 sa junior high school), Kailangan ng 2.4 billion pinansiyal na pagkukunan kada taon para

maisakatuparan ang libreng pagkain sa paaralan.

Sa kasalukuyang situwasyon, ang paghanap ng ganito kalaking halaga para pagkunan para mapanatili at maipagpatuloy ang ganitong pagkakakitaan ay mahirap, at ang libreng pagbibigay ng pagkain sa paaralan hindi makatotohanan.

Q. Magkano ang ginagastos para sa pagkain　ng paaralan ?

A. Ayon sa nakasaad sa ibaba, Ang serbisyo ng pagkain sa paaralan ay ipinatutupad ayon sa gastos na ibinabayad ng magulang para sa ginamit sa pagkain at ang ibang gastusin ay binabayaran ng Siyudad( kailangang bayaran sa psilidad/gamit, bayad sa tauhan at iba pa.)

Reiwa Taon 2025 Abril

【Elementary School】 ¥701 kada pagkain

Gastusin sa ingredients　Gastusin ng magulkang ¥235, tulong ng siyudad ¥67

Iba pang gastusin（gastusin sa pasilidad/gamit at ibapa）　Gastusin ng Siyudad ¥399

【Junior High School】 ¥728 kada pagkain

Gastusin sa ingredients　Gastusin ng magulang ¥265, tulong ng siyudad ¥92

Iba pang gastusin（gastusin sa pasilidad/gamit at ibapa）　Gastusin ng Siyudad ¥371

Q. Gusto pa daw humingi ng pagkain ng anak ko?

A. Depende sa menu o sa dai ng hindi pumasok na bata sa araw na iyon, maaaring mabigyan ng muli ng pagkain ang bata(※),samantala, ang menu na pagkain sa paaralan sa Kawaguchi City ay napagdesisyonan ayon sa Dietary Reference Intake para sa Japanese at itinalaga ng national government na siyang nagbibigay ng masustansiyang pagkain sa mga mag aaral para sa malusog na paglaki kahit walang karagdagang pagkain.

Ang menu ng pagkain sa paarlan ay palaging may kasamang gatas na mayaman sa calcium, isa sa pangunahing sustansya para sa mga bata para sa kanilang paglaki. Bilang karagdagan, balanseng nutrisyon, ibat-ibang sangkap, kulay, mga komento ng prinsipal at

guro ng paaralan ayon sa kasalukuyang situwasyon ay maingat na binigiyang-pansin bago itakda ang menu ng pagkain sa paaralan.

※Maliban sa batang mayroong allergy sa pagkain.

Q. Maaari bang magkaroon ng sariwang gulay sa fresh salad sa menu?

A. Para maiwasan ang pagkalason sa pagkain sa pagkain ng paaralan, ang pagkain sa paaralan ay nilulutو na naaayon sa Sanitation Controll Standard na itilaga ng national government.

Kung nakalagay sa menu ang (○○salad) pagkain sa paaralan, sinisigurado na ang nilagang gulay ito ay ihahain ng malamig para sa ligtas ang mapagkakatiwalaang pagkain sa paaralan.

Q. Maaari bang bigyang-pansin at magkaroon ng alituntunin para sa mag aaral na may allergy sa pagkain?

A. Para siguraduhin naligtas ang oras ng pagkain ng mag-aaral, lahat ng guro kasama ang prinsipal,at nakatataas na guro, nutritionist, nurse ng municipal school ng Kawaguchi City ay kailangang malaman ang kaso ng bawat mag-aaral na mayroong allergy sa pagkain sa pamamagaitan ng pamamahagi ng impormasyon bilang pangunahing prayoridad.

Kung ang inyong anak ay kailangan ng espesyal na pangangalaga dahil sa allergy sa pagkain ng paaralan, siya ay kailangang gawan ng indibidwal na menu base sa "List of Requiring Special Attention Under School Supervision" na sinulatan sa bahay.

Makipag ugnayan sa pinapasukang paaralan ng inyong anak.

Q. Nagpapatayo ba ng bagong Gakko Kyushoku Center?

A. Sa kasalukuyan, ang Kawaguchi City ay may tatlong Gakko Kyushoku Center dalawa dito ( Shingo Kyushoku Center at Nampei Kyushoku Center) ay nagsisimula ng masira dahil sila ay 40 taon nang naipatayo. Dahil dito, ang siyudad ay kasalukuyang nagbabalak na magpatayo ng bagong Gakko Kyushoku Center para matulungan ang nasabing dalawang pasilidad.

Sa bagong pasilidad, magkakaroon ng mas lalong ligtas at malinis na kapaligiran na tutugon sa pagbibigay ng pagkain ng paaralan sa bawat uri ng allergy sa pagkain.

※Motogo Gakko Kyushoku Center, na ipinatayo noong Enero taon 2014 ay mayroong pinakabagong kagamitan at gamit, may particular na kusina sa paggawa ng pagkain para sa batang may allergy sa (gatas.itlog lamang).

Q. Ano ang popular na menu?　Maari bang malaman ang recipe?

A.　Curry at rice, pangunahin at walang kupas na paboritong pagkain na pagkain sa paaralan, pritong tinapay, fried chicken, seaweed rice, ramen, at ibapa♪. Maaaring hanapin kahit kalian ang recipe ng pagkain na inihahain sa paaralan sa opisyal na website ng School Health Division!

＜Makipag ugnayan ＞

■Kawaguchi City Board of Education School Education Department School Health Division School Lunch Series 1, Series 2

TEL： 048-258-1216、048-258-1217

Inilathala Reiwa Taon 2025 Abril